

PROLOGUE



*H*indu Kush, Afghanistan.

Tahimik na nakatayo sina Chief Evan Hale at Commander Mac Herrera sa bukana lang ng lagusan ng kuwebang kasalukuyan nilang santuaryo. Nasa kamay ng CO ni Evan ang radyo na kinumpuni niya gamit ang mga spare parts ng radyo ng helicopter at ng satphone ng commander na na-damage habang papunta ang team sa unang crash site.

Nasolusyunan ni Evan ang transmitter, pero hindi niya nagawan ng paraan ang kawalan niyon ng signal mula sa pinagtataguan nila. Kailangang may lumabas ng kuweba at umakyat ng bundok para makasagap ng signal. At para magawa iyon, kailangang i-expose nila

ang sarili nila sa mga kalaban.

Silang dalawa ni Commander Herrera ang lalabas para gawin ang suicide mission na ito.

Narinig nila ang huni ng isang kuwago. Alam nilang isa sa mga *SEALs* nila ang gumawa niyon, si Colin. Hindi alam ni Evan kung bakit sa sandaling iyon ay naisip niyang paano kung ingay ng pusang naapakan ang buntot ang ginawa ni Colin? Alam niyang kaya rin iyong gayahin ng lalaki.

Naisip lang naman niya pero huminga siya nang malalim at ipinilig ang ulo. Hindi ito ang tamang oras para mag-isip ng kung anu-ano.

Tiningnan siya ni Commander Herrera at tumango siya bago sila magkasunod na lumabas ng kuweba. Tahimik na roon pero hindi ibig sabihin walang nagbabantay na kalaban. Hindi porke walang nakitang activity sina Colin mula sa kampo ng mga ito, ibig nang sabihin ay hindi na nila kailangang mag-ingat.

Tiim-bagang siyang sumunod kay Commander Herrera habang binabaybay nila ang rockface sa gilid ng bundok. In this position, they were both out in the open, and depending on how fast they move, they

would both be out in the open for about three more minutes. Sandali lang kung iisipin pero napakatagal kung may kalabang makakapansin sa kanila.

Sa kabila ng lamig ng hangin at ng nyebe, pawis na pawis sa loob ng uniporme niya si Evan. Hindi matatawaran ang kaba niya kahit pa alam niyang halos invisible sila ni Mac. They had been trained to move that way.

Mabagal niyang pinakawalan ang hininga nang sa wakas ay marating nila ang kakahuyan sa kabilang panig ng bundok kung saan sila maaaring magkubli. Doon sila mabilis na umakyat ni Mac.

Alam niyang maya't maya ay tinitingnan ng commander ang screen ng phone na hawak nito para makita kung may signal na. Siya naman ay laging lumilingon at nakikiramdam kung may sumusunod ba sa kanila.

Matapos ang halos sampung minutong pag-akyat, tumigil si Mac sa likod ng isang puno at tumalungko. Lumuhod siya sa lupa sa tabi nito at nagkatinginan sila. Sa paningin niya sa likod ng suot na NVG—night vision goggles—kulay green ang commander at ang paligid.

Sumenyas ito sa kanya bago nag-dial. Inalis ni Mac ang NVG nito at itinaas sa tainga ang satphone. Ilang segundong hindi huminga si Evan hanggang sa marinig niya ang bulong ng lalaki.

“This is Commander Mackenzie Herrera,” anito sa satphone matapos sagutin ng base ang tawag. *Success!*

Narinig niyang nag-request ng air support ang commander niya, pagkatapos ay ibinigay ang sitwasyon, kung ilan silang natitirang buhay at kung ilan ang malubha para mapaghandaan ng mga doktor ang pagdating nila. Hindi na nito binanggit kung ilan ang patay na. Marunong namang magbilang ang mga nasa base.

Kabibigay lang nito sa tactical sergeant sa kabilang linya ng ten-digit grid na nagsasaad ng lokasyon nila nang matuon ang atensyon ni Evan sa nakakapaghinalang mga kilos sa bahagi ng kakahuyan na mas mataas sa kinaroroonan nila.

“Oh, f*ck!” sabi niya bago sila sabay na kumilos ni Mac nang may magsimulang magpaputok sa kanila.

Nagsimula na rin ang putukan sa ibaba ng bundok at mula sa pinagkukublihan nila, kita ni Evan ang pag-andap-andap ng muzzle fire mula sa mga kalaban sa

kabilang banda ng kapatagan. Mula sa likod ng puno kung saan siya nakasandal, alam niyang ganoon din ang hitsura ng kadiliman.

Kung manatili sila sa kinaroroonan, mamamatay sila kapag nakalapit ang mga kalaban. Kung lumabas naman sila sa pagkakakubli at subukang bumaba pabalik sa kuweba, malamang mamamatay din sila kasi sasalubungin din sila ng mga bala.

Nakipagpalitan sila ng putok ni Mac na suot nang muli ang NVG nito, bago muling nagkubli nang lumipad ang pira-piraso ng balat ng puno, mga sanga at dahon sa mukha nila. Nagkatinginan sila ng CO bago sila tumango sa isa't isa. Napag-usapan na nila ito.

Nang bahagyang huminto ang putukan mula sa kalaban, hindi nag-atubili si Mac na lumabas mula sa likod ng puno at pinaulanan ng bala ang mga kalabang tumatakbo pababa ng bundok patungo sa kanila. Sinamantala ni Evan ang pagkakataong iyon kung kailan nagsisipagtago ang mga kalaban para siya naman ang tumakbo pababa ng bundok. Pagkatapos ay humarap siya at nagpapatok sa mga kalaban sa itaas para i-cover ang pag-retreat ni Commander Herrera.

Tumakbo ito patungo sa kanya, nilampasan siya

bago nagtago sa likod ng isang puno ilang talampakan ang layo sa kanya. Muli siyang sumandal sa sarili niyang puno at nag-reload habang pinapaputukan silang muli ng mga kalaban.

That was what they did for the next ten minutes, leap-frogging from tree to tree, covering each other as they moved down the mountain. Nadaplisan siya ng ricochet ng bala sa braso pero hindi niya iyon pinansin. Ang problema na lamang nila ngayon ay paunti nang paunti ang mga puno habang palapit sila nang palapit sa paanan ng bundok. Mas kakaunti ang maaari nilang pagtaguan at madali na silang makikita ng mga snipers ng kalaban.

Bigla pa silang napahinto ni Commander Herrera nang makita ang mga sarili sa gilid ng isang bangin na hindi nila alam kung saan nanggaling. Sa pagtakas sa mga kalaban, hindi nila nakalkula nang maigi ang pinupuntahan. He covered Commander Herrera who peered down the side of the sheer drop.

“Tanaw ko’yung kuweba,” sigaw nito para marinig niya sa kabila ng ingay na likha ng pagputok ng rifle niya. “If we jump from here, we’re going to land about ten meters away from the cave.”

“Gaano kataas’yung drop?” tanong ni Evan habang inuubos ang laman ng magazine niya bago sila muling nagkubli sa likod ng isang puno.

“About five meters,” sagot ni Mac. “And we’re going to fall on snow.”

Sinubukan niyang alalahanin kung gaano kalalim ang nyebe sa labas ng kuweba nila. Mababaw iyon sa mismong harapan ng kuweba dahil ilang beses na silang naglabas-masok doon pero kung tama ang calculation niya sa posisyon nila in relation to the cave, nasa limang talampakan ang kapal ng nyebe sa ibaba.

“It’s still going to sting our asses when we land, boss,” sabi niya kahit pa isinusukbit na ang strap ng baril niya sa leeg at isang balikat.

“Still better than a gunshot wound,” sagot ni Mac.

He was right. Mas mataas ang chance na mabuhay sila matapos tumalon sa bangin kaysa manatili rito, maubusan ng bala at maabutan ng mga kalaban. At least sa ibaba, mas may backup sila. Huwag lang silang maglanding sa gitna ng barilan o kaya sa matigas na lupa. Patay din sila pag nagkaganoon.

Tumango siya, huminga nang malalalim, pagkatapos ay sabay silang tumayo ng CO at muling

lumabas mula sa kani-kanilang pinagtataguang mga puno para magpaputok sa mga kalabang kanya-kanya rin ng tago.

Then Chief Hale and Commander Herrera both ran toward the edge of the cliff.

And jumped.

Evan felt weightless for a second bago niya na-realize na hinihila na siya ng gravity. Pinanood niya ang papalapit nang babagsakan at gustuhin man niya, hindi niya naipikit ang mga mata. Hindi man lang din siya nagkaroon ng pagkakataong may maisip na iba maliban sa, “Huwag sana akong mamatay” dahil naramdaman na lang niyang sumubsob siya sa snow at muntik nang matabunan niyon nang mahulog ang nyebe sa gilid ng Evan-shaped na butas na ginawa ng katawan niya.

Nag-angat siya ng mukha.

“Holy shit! Buhay pa ako!” bulalas niya bago nadamang may humila sa suot niyang gear. Halos hindi siya makatayo nang maayos, hindi dahil nasaktan siya kundi dahil nanghihina ang mga tuhod niya sa realisasyong buhay pa nga siya.

“I’m okay, I’m okay,” sabi niya habang mabilis na tumatayo para bitawan na siya ni Commander Herrera

na hawak siya sa likod ng uniporme niya na parang kuting na karay ng nanay nito.

Tumakbo sila ulit, sinisigurong hindi nila mabibigyan ng malinaw na view sa tuktok ng mga ulo nila ang mga humahabol sa kanila mula sa itaas at gayundin ang mga kalaban mula sa kabilang banda ng kapatagan.

Pasigaw na tinawag ni Mac si Colin at tatlong *SEALs* ang lumabas mula sa kuweba para mag-provide ng covering fire.

“RPG!” sigaw ni Mikey at lumundag silang lahat papasok ng kuweba.

Matapos ang nyebe, lupa naman ang kinain ni Evan nang magpagulong-gulong siya roon bago huminto. Tinakpan niya ng mga braso ang ulo nang muntik pang pumasok ang rocket propelled grenade sa kuweba. Agad siyang tumayo at dinaluhan si Colin na nakadapa mula sa di kalayuan.

“I’m okay,” sabi ni Colin na ipinilig ang ulo at pinahiran ang dugong tumutulo mula sa gilid ng mukha nito.

“Is anyone hurt?” sigaw ng hospital corpsman nilang si Dave na humahangos galing sa inner chamber

ng kuweba.

“We’re all right,” sagot nilang lahat.

Patakbong pumasok ng chamber si Mikey mula sa labas. Maputi ang mukha nito, tila nasubsob sa alikabok.

“Commander!” bulalas nito. “There’s more movement from the enemy camp. I think they’re planning an assault on the cave, Sir. Lumalapit sila.”

“Estimated number of enemy fighters?” tanong ni Commander Herrera.

Napalipat-lipat sa kanila ang mga mata ng batang tanyag. “From what I could see? About two hundred, Sir.”

Muli silang bumaling sa CO.

“Chief Hale and I were able to contact the base,” simula nito na sinalubong ang matinding katahimikan. “They’re sending in Spectre gunships with the *Night Stalkers*.”

Naghiyawan sila sa tuwa.

“What’s the plan, Sir?” tanong ni Evan.

Sa malamlam na ilaw ng natitirang lamp sa loob ng madilim na kuweba, maningas na berde ang mga mata ni Commander Herrera. “We fight.”